## SO WHAT

- Ano ang nangyayari kapag nagpasya tayo na huwag magkasala kahit na gusto natin? Paano tumutugon ang Diyos kapag pinili nating gawin ang tama?
- Bakit natin maaasahan ang Diyos na tayo ay mabigyang-matwid? Papaano tayo napapabuti ng pagtiwala natin sa Diyos para sa pagbibigay-matwid?
- Ano ang mga pag-uugaling dapat mayroon tayo sa Diyos kahit sa panahon ng kawalang-katarungan? Bakit nararapat si Jesus sa lahat ng atong papuri at pagsamba?

## NOW WHAT

- Nasa punto ka na ba ng pagkakasala dahil sa mga hindi nakakabuting pangyayari sa iyong buhay? Papaano ka naiimpluwensiyahan ng aral na ito na gawin ang tamang pagpasya?
- Ikaw ba ay tinatrato ng hindi makatarungan sa buhay mo ngayon? Papaano napapalakas ang iyong kalooban ng pagtugon ni David sa panahon ng kawalang-katarungan?
- Ano sa tingin mo ang pinapagawa ng Diyos sa iyo sa pagkakaroon ng mapagsambang pamumuhay? Papaano mo ito masisimulan ngayong linggo?

# PRAYER

- Humiling sa Banal na Espiritu ng mas matibay na paniniwala at pagpipigil sa sarili na huwag magkasala lalo na sa mga panahong malakas ang tukso at hamon.
- Hilingin sa Diyos ang Kanyang pagbibigay-matwid para sa iyo o sa iyong mahal sa buhay na kasalukuyang humaharap sa kawalang-katarungan.
- Humiling kay Jesus ng higit na kagalakan at pagmamahal sa pagsamba sa Kanya at para na rin sa lumalagong kagustuhan na magkaroon ng mapagsambang pamumuhay.

VICTORY

Karapatang Pag-aari © 2013
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

WEEK 3 **FILIPINO**

# Sa Panahon ng Kawalang-Katarungan




## NOTES

# CONNECT

- Natrato ka na ba ng hindi makatarungan minsan sa buhay mo? Ano ang nangyari? Papaano ka tumugon?
- Ano ang madalas mong nararamdaman kapag ang bida sa paburito mong sine o palabas ay inapi ng kontrabida? Bakit?
- Napunta ka na ba sa isang di makatarungan na sitwasyon? Sino ang hiningan mo ng tulong? Paano tumugon ang taong iyon?

**WORD**

*[1]Panginoon kong Diyos, humihingi ako ako ng kalinga. Iligtas n'yo po ako sa mga sumasalakay sa akin. . . . [8]Kayo Panginoon, ang humahatol sa lahat ng tao. Patunayan n'yo sa kanila na wala akong kasalanan, dahil alam n'yo na ako'y matuwid, at walang ginagawang masama.*

SALMO 7:1,8

**WHAT**

Maraming pinagdaanang kahirapan si David na higit pa sa kanyang kakayahan, kasama na rito ang pagtutugis ni Haring Saul dahil tinuturing siyang isang panganib sa trono. Papaano tumugon si David sa di makatarungang pagtratong ito at ano ang matututunan natin sa kanyang karanasan?

## 1 Magpasya na huwag magkasala.

*[5]Pero nakonsensya si David dahil pinutol niya ang laylayan ng damit ni Saul. [6]Sinabi niya sa kanyang mga tauhan, "Alam ng Diyos na hindi ko dapat ginawa iyon sa amok o dahil ang Panginoon ang pumili sa kanya para maging hari." [7]Sa mga sinabing ito ni David, sinaway niya ang kanyang mga tauhan, at hindi pinayagan ang mga ito na salakayin si Saul. At umalis si Saul at nagpatuloy sa paglalakbay.*

1 SAMUEL 24:5-7

Nagkaroon ng pagkakataon si David na patayin si Saul habang ito ay nagpapahinga sa loob ng kweba, ngunit nagpasya siya sa kanyang puso na huwag gawin ang masamang tangka. Posible ang mamuhay ng matuwid at tumugon tulad ni Kristo kahit sa gitna ng mga di makatarungang kalagayan. Kailan ka huling nagpasya na huwag magkasala kahit na gustong-gusto mo ng gawin ito?

## 2 Manalig sa Diyos para sa Kanyang pagbibigay-matwid.

*[7]Tipunin n'yo ang lahat ng tao sa piling n'yo, at pamahalaan n'yo sila mula sa inyong trono. [8]Kayo Panginoon, ang humatol sa lahat ng tao. Patunayan n'yo sa kanila na wala akong kasalanan, dahil alam n'yo na ako'y matuwid, at walang ginagawang masama.* SALMO 7:7,8

Nanalig si David na bibigyang-matwid siya ng Diyos. Ang Diyos ang kataas-taasan at pangunahing Hukom na nakikita ang lahat ng kamalian ng mga tao pati na ang mga mabubuti nating gawa. Hinahatulan Niya ang mga tao base sa kanilang mga gawa. Kahit na nakakaranas tayo ng kawalang-katarungan sa mga sistema ng mundo, makakatiyak tayo na kakampi natin ang Diyos at ipapagtatanggol Niya tayo. Nakaranas ka na ba ng pagbibigay-matwid ng Diyos? Paano ito nakabuti sa iyo?

## 3 Sambahin ang Diyos sa panahon ng kawalang-katarungan.

*[9]Panginoon, pupurihin ko kayo sa gitna ng mga bansa. Ako'y aawit para sa inyo sa gitna ng inyong mga mamamayan. [10]Dahil abot hanggang langit ang walang maliw n'yong pag-ibig at katapatan. [11]O Diyos, ipakita niyo ang inyong kapangyarihan sa buong kalangitan at ang inyong kaluwalhatian sa buong mundo.* SALMO 57:9-11

Sinamba ni David ang Diyos kahit na tinutugis siya ni Saul. Hindi niya hinayaang puspusin siya ng kanyang mabigat na problema. Sa halip ay pinuri at itinaas niya ang Diyos. Madalas ay pinakamahirap ang magsamba sa Diyos kapag humaharap tayo sa kahirapan, ngunit sa panahon na tayo ay nagpasya, nahahanap natin ang ating lakas at kalayaan sa Diyos. Kailan ka huling nakaranas na napagtagumpayan mo ang isang kahirapan dahil nagpuri at nagsamba ka muna sa Diyos?